TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa Tamang Pag-Unawa sa PhilHealth Circular

TITLE	**WAIVER OF INTERESTS AND PAYMENT IN INSTALLMENT ARRANGEMENTS FOR MISSED PREMIUM CONTRIBUTIONS BY SELF-PAYING MEMBERS**
PC NUMBER	**2026-0010**

PARA SA SELF-PAYING MEMBERS

1 Tungkol saan ang Circular na ito?

Ang Circular na ito ay ang nagsisilbing gabay sa pag-waive ng interest sa mga missed o late premium contributions ng Self-Paying Members mula November 2019 hanggang December 2025. Pinapayagan din nito ang installment payment arrangement para sa unpaid contributions, basta't ang miyembro ay qualified at compliant sa mga umiiral na kundisyon.

2 Sino ang saklaw ng Circular na ito?

Covered ng Circular na ito ang lahat ng Self-paying Members, gaya ng mga sumusunod:

- Self-earning individuals
- Professional practitioners
- Land-based migrant workers
- Mga Pilipinong nakatira sa ibang bansa
- Mga Pilipinong may dual citizenship

3 Ano ang ibig sabihin ng Waiver of Interest?

Ang Waiver of Interest ay tumutukoy sa hindi pagsingil ng accrued interest o naipong interest na ipinataw dahil sa hindi nabayaran o late na pagbabayad ng kontribusyon.

4 Kabilang din ba sa waiver na ito ang pag-waive sa unpaid premium contribution?

Hindi. Ang accrued interest o naipong interest lamang sa missed o late premium contribution ang maaaring i-waive sa ilalim ng Circular na ito.

5 Anong taon ng missed contribution ang covered ng Waiver of Interest na ito?

Saklaw ng Waiver of Interest na ito ang mga missed at late premium contribution mula November 2019 hanggang December 2025.

6 Maaari pa bang mag-request ng refund ang mga miyembrong nakapagbayad na ng accrued interest bago maging epektibo ang Circular na ito?

Hindi. Walang refund o reimbursement para sa mga interest na nabayaran na bago maging epektibo ang Circular na ito.

7 Paano maa-avail ang Waiver of Interest na ito?

Upang ma-avail ang Waiver of Interest, kailangang ma-comply ng mga miyembro ang mga sumusunod:

- Pagbabayad ng kasalukuyan at mga susunod na premium contributions, partikular para sa CY 2026 onward, ayon sa umiiral na contribution schedule;
- Empanelment o pagpili ng miyembro ng primary care clinic at ng kanilang qualified dependents sa ilalim ng Yaman ng Kalusugan Program (YAKAP); at
- Pag-update ng member records, kabilang ang idineklarang buwanang kita at impormasyon ng kanilang dependent.

8 Ano ang mga requirement para makapag-request ng Waiver of Interest?

Ang mga sumusunod na dokumento ang kailangang isumite ng miyembro upang maka-avail ng Waiver of Interest:

1. Letter Request para sa Interest Waiver
2. Valid government-issued ID
3. Proof of premium payments para sa current at succeeding year/s
4. Proof of YAKAP empanelment ng miyembro at qualified dependents, kung applicable
5. Updated PhilHealth Member Registration Form (PMRF), kung applicable, kasama ang supporting documents para sa sumusunod:
   - Revised monthly income declaration
   - Corrected o newly declared dependents
   - Updated address at contact details

9 Saan maaaring magsumite ng request upang makapag-avail ng Waiver of Interest?

Maaaring magsumite ng application sa alinman sa mga sumusunod:

1. PhilHealth Regional Office
2. Branch Office
3. Local Health Insurance Office (LHIO)
4. PhilHealth Express Office

10 Kailan ang deadline ng application para sa waiver o installment arrangement?

Maaaring magsumite ang mga miyembro ng kanilang application para sa Waiver of Interest o Installment Payment Arrangement hanggang December 31, 2027, o sa anumang extended period na maaaring itakda ng PhilHealth.

11 Ano ang Installment Payment Arrangement?

Ang Installment Payment Arrangement ay isang paraan para sa qualified members na mabayaran ang kanilang mga hindi nabayarang kontribusyon sa pamamagitan ng hulugan o equal monthly payments. Wala itong karagdagang interes, basta't mahigpit na nasusunod ang mga itinakdang termino ng kasunduan at ang pagbabayad ay nasa loob ng applicable period.

12 Ano ang Principal Premium Arrears?

Ang Principal Premium Arrears ay tumutukoy sa kabuuang halaga ng mga hindi nabayarang premium contributions para sa applicable period, hindi kasama ang interest, penalty, o surcharge.

13 Ano-ano ang maximum installment terms?

Ang maximum installment period ay depende sa bilang ng mga hindi nabayarang buwanang kontribusyon:

Applicable Period with Arrears	Maximum Installment Payment Arrangement
1-12 buwan	12 buwan
13-24 buwan	24 buwan
25-36 buwan	36 buwan
37-48 buwan	48 buwan
Higit sa 48 buwan	60 buwan

14 Magpapatuloy pa ba ang pagdagdag o pagpatong ng interest habang nagbabayad sa pamamagitan ng installment?

Hindi. Walang bagong interest na madadagdag habang nasa installment period basta sumusunod ang miyembro sa inaprubahang payment schedule o arrangement.

15 Maaari pa rin bang maka-avail ng benepisyo kahit may mga hindi nabayarang kontribusyon?

Oo. Sa ilalim ng Universal Health Care Act, maaari pa ring mag-avail ng mga benepisyo ng PhilHealth ang mga miyembro kahit may mga hindi nabayarang kontribusyon. Gayunpaman, hinihikayat ang mga miyembro na bayaran ang kanilang mga kontribusyon upang maiwasan ang pagkapataw ng interes o penalty at para hindi magkaroon ng abala sa pag-avail ng mga benepisyo.

16 Kailan magiging epektibo ang Waiver of Interest o Installment Payment Arrangement?

Magiging epektibo ang Waiver of Interest o Installment Payment Arrangement mula sa oras na opisyal na maaprubahan ng PhilHealth ang application.

17 Paano maibabalik sa active contribution status ang Self-Paying Member na may arrears?

Maaaring maging aktibo muli ang isang self-paying member na may hindi nabayarang kontribusyon kapag nakapagbayad siya ng kahit isang kasalukuyang hulog para sa taong 2026 at na-update ang kanyang record sa PhilHealth.

18 Maaari bang mag-request ng adjustment o exemption sa arrears ang Self-Paying Members?

Oo. Maaaring mag-request ang self-paying members ng pagbabago sa kanilang naitalang utang para sa ilang buwan kung may sapat na dahilan, tulad ng kawalan ng kita, maling pagkakategorya, o iba pang katanggap-tanggap na dahilan, basta may kalakip na mga dokumentong magpapatunay nito.

19 Paano kung walang kakayahang magbayad ng arrears ang miyembro?

Ang mga miyembrong walang kakayahang magbayad ay maaaring magpa-assess sa social worker ng DSWD o LGU kung saan sila nakatira.

Kailangan nilang magsumite ng case study, certificate of indigency o kawalan ng kakayahang magbayad, o iba pang katulad na dokumento na inisyu ng social worker.

20 Paano mache-check ng members ang kanilang premium contribution records at arrears?

Maaaring i-verify ng members ang kanilang records sa pamamagitan ng:

1. PhilHealth Member Portal
2. eGovPH Super App
3. Sa alinmang PhilHealth Local Health Insurance Office (LHIO)

21 Ano ang mangyayari kung hindi nakapag-comply sa inaprubahang installment arrangement ang miyembro?

Ang hindi pagsunod sa itinakdang kondisyon o schedule ng pagbabayad ay maaaring magresulta sa pagbawi ng ipinagkaloob ng waiver of interest matapos ang due notice mula sa PhilHealth.

Kapag ito ay na-revoke o nabawi, ang natitirang utang ay kailangan nang bayaran agad at muling papatawan ng naaangkop na interes.

22 Ano ang mga parusa sa panlilinlang o hindi pagsunod sa mga kondisyon ng waiver?

Ang anumang maling pahayag, pamemeke ng dokumento, panlilinlang, o tuloy-tuloy na hindi pagsunod sa mga itinakdang kondisyon ay maaaring magresulta sa:

- Pagtanggi o pagbawi ng ipinagkaloob na waiver; at
- Pagpataw ng mga kaukulang parusa alinsunod sa umiiral na mga patakaran ng PhilHealth at iba pang naaangkop na batas.

23 Kailan ang transition period ng bagong polisiyang ito?

Ang natitirang bahagi ng CY 2026 ay magsisilbing transition period upang matiyak ang maayos at system-ready na implementasyon ng polisiyang ito.

24 Kailan magisisimula ang ganap at striktong implementasyon ng polisiyang ito?

Magsisimula ang ganap at striktong implementasyon ng polisiyang ito sa Enero 1, 2027.

CONTACT INFORMATION

PhilHealth Corporate Action Center: 02 8662 2588 | Smart: 0998 857 2957, 0968 865 4670 | Globe: 0917 127 5987, 0917 110 9812
PhilHealth Website: www.philhealth.gov.ph

Ang FAQ na ito ay base sa PhilHealth Circular No. 2026-0010 on the Waiver of Interests and Payment in Installment Arrangements for Missed Premium Contributions by Self-Paying Members. Para sa latest updates, bisitahin ang PhilHealth website o makipag-ugnayan sa pinakamalapit na PhilHealth Regional Office or Local Health Insurance Office.